



### Paano ako mababakunahan?

Makukuha ang mga bakuna sa daan-daang lokasyon sa buong LA County tulad ng mga klinika, parmasya, lugar ng trabaho, paaralan, lugar ng pagsamba, at iba pang mga lokasyon sa komunidad. Makukuha rin ang pagpapabakuna sa bahay para sa mga taong hindi nakakalabas ng bahay. Maraming lokasyon ang hindi nangangailangan ng tipanan (appointment).

Para makakuha ng bakuna, bisitahin ang [VaccinateLACounty.com](https://www.vaccinate.lacounty.gov) at piliin ang “[Iklik Dito para Mabakunahan](#)” para humanap ng lokasyon o humiling ng pagpapabakuna sa bahay. Kung kailangan mo ng tulong, maaari mong tawagan ang **Sentro ng Tawagan ng Bakuna ng DPH sa 833-540-0473**, 7 araw sa isang linggo mula 8 ng umaga hanggang 8:30 ng gabi. Maaari nilang isaayos ang pagpapabakuna sa bahay, libreng transportasyon sa lugar ng pagpapabakuna, o tulong sa paratransit at iba pang mga serbisyo para sa mga taong may mga kapansanan. Makakakuha rin ng impormasyon sa maraming wika 24/7 sa pamamagitan ng pagtawag sa 2-1-1.

### Dapat ba akong magbayad para makakuha ng bakuna sa COVID-19?

Hindi. Kung mayroon kang seguro (insurance), ang iyong doktor o parmasya ay maaaring singilin ng bayad ang iyong kumpanya ng seguro (insurance company) para sa pagbibigay ng bakuna. Ang mga taong walang seguro sa kalusugan ay maaari ring makakuha ng mga bakuna sa COVID-19 nang walang gastos. Walang mga babayaran na magmumula sa bulsa ninuman.

### Tatanungin ba ako tungkol sa katayuan ko sa imigrasyon kapag ako ay kumuha ng bakuna sa COVID-19?

Hindi. Ibinibigay ang bakuna sa COVID-19 nang walang gastos hindi alintana ang katayuan sa imigrasyon. Hindi ka tatanungin tungkol sa katayuan mo sa iyong imigrasyon kapag ikaw ay nagpabakuna sa COVID-19. Ang impormasyong mong medikal ay pribado at ang pagbabakuna ay hindi makakaapekto sa iyong katayuan sa imigrasyon. Hindi mo kailangan ng pagkakakilanlan (ID) na inisyu ng gobyerno o sulat mula sa iyong amo (employer) para mabakunahan. Para sa mga katanungan tungkol sa imigrasyon, bisitahin ang webpage ng Tanggapan ng Usaping Imigrante (Office of Migrant Affairs) [oia.lacounty.gov](https://oia.lacounty.gov) o tawagan ang 800-593-8222.

### Kailangan ko bang magbigay ng numero ng mobile na telepono o email address?

Hindi. Kapag ikaw ay nagpabakuna, hihilingin sa inyong magbigay ng email address o numero ng mobile na telepono. Ang impormasyong ito ay ipapasok sa Estado ng California immunization registry (CAIR) nang sa gayon ikaw ay makakuha ng digital na talaan (record) ng bakuna sa COVID-19. Maaari rin itong gamitin para makapagpadala ng mga paalala kung mas marami pang mga dosis ng bakuna sa COVID-19 ang nakatakdang ibigay o irerekomenda. Ang digital na talaan (record) ng bakuna ay libre at maginhawang paraan para patunayan ang iyong katayuan sa pagpapabakuna. Lalo itong mahalaga kung iyong maiwawala ang iyong puting tarheta (card) ng bakuna. Hindi mo kailangang magbigay ng iyong email address o numero ng cellphone para makapagpabakuna at makakuha ng puting tarheta (card) sa pagpapabakuna sa COVID-19 ng CDC. Ngunit maaaring gawin nitong mas mahirap na makakuha kalaunan ng digital na talaan (record) ng bakuna. Maaari mong malaman pa ang mas marami tungkol sa digital na talaan (record) ng pagpapabakuna sa [myvaccinerecord.cdph.ca.gov](https://myvaccinerecord.cdph.ca.gov) at tungkol sa mga proteksyon sa pagkumpidensyal [dito](#).

### Saan ako maaaring kumuha ng kopya ng aking talaan (record) ng bakuna?

Ang Talaang Tarheta (Record Card) sa Pagpapabakuna sa COVID-19 ng CDC (puting tarheta) ay ang opisyal na patunay ng pagpapabakuna. Ang lahat ay dapat na mabigyan nito kapag sila ay nabakunahan. **Mangyaring panatilihin itong ligtas dahil hindi na ito mapapalitan.** Ikonsidera ang pagkuha ng larawan o paggawa ng larawang kopya (photocopy) nito.

Ang lahat\* ng nabakunahan sa California ay maaaring humiling ng digital na Talaan (Record) sa Pagpapabakuna sa COVID-19 sa [myvaccinerecord.cdph.ca.gov](https://myvaccinerecord.cdph.ca.gov). Isa rin itong opisyal na talaan (record). Maaari itong ma-download sa



## Mga Bakuna sa COVID-19 – Mga Kadalasang Katanungan

### PAGPAPABAKUNA

Google Play digital wallet sa Android na telepono o sa Apple Health app sa iPhone. Maaari mo ring kunan ng screenshot ang iyong Digital na Talaan (Record) ng Bakuna sa COVID-19 at i-save ito sa iyong rolyo ng kamera. Maaari kang kumuha ng talaan (record) para sa bawat tao sa iyong pamilya kahit na gumamit ka ng parehong email address o numero ng mobile na telepono noong sila ay nabakunahan. Para sa mas marami pang impormasyon, bisitahin ang webpage ng [Mga Talaan \(Record\) sa Pagpapabakuna](#).

\*Kung ikaw ay nabakunahan ng pederal na ahensya (hal., Kagawaran ng Depensa, Serbisyo sa Kalusugan ng Indiyano o Usaping Beterano), dapat kang direktang humiling ng talaan (record) ng bakuna mula sa ahensya.

#### Dapat ba akong magbigay ng pahintulot para sa aking anak na mabakunahan?

Ang mga kabataan na wala pang 18 taong gulang ay kailangan ng pahintulot mula sa magulang/katiwala o tagapag-alaga para mabakunahan. Kung hindi ka makakapunta, maaari kang payagan na magbigay ng pahintulot sa pamamagitan ng telepono, video, o kasulatan. Suriin ang mga patakaran sa pahintulot (consent requirements) ng lugar kung saan ka nagpaplanong pumunta. Kung ito ay lokasyon na pinatatakbo ng Pamublikong Kalusugan, makikita mo ang mga patakaran at mag-download ng form ng pahintulot sa [ph.lacounty.gov/vaccineappointment](http://ph.lacounty.gov/vaccineappointment) – iklik ang [‘paghahanda para sa iyong pagbisita’](#) o tawagan ang Sentro ng Tawagan ng Bakuna sa 1-833-540-0473 (8 ng umaga hanggang 8:30 ng gabi araw-araw).

Ang ilang mga eksepsyon ay lumalapat. Ang mga menor de edad 15 taon pataas na nakapagsasarili (hal., malaya o nakapagsasariling menor de edad, kasal, o dating kasal) ay maaaring magbigay ng kanilang sariling pahintulot. Kung ikaw ay isang kumakanlong na tagapag-alaga, kamag-anak na tagapag-alaga, o kawani ng Short-Term Residential Therapeutic Program (STRTP), maaari kang magbigay ng pahintulot hangga’t ang kinakanlong na bata ay sumasang-ayon. Kung ikaw ay isang kumakanlong na tagapag-alaga at hindi ka nagbigay ng pahintulot ngunit ang iyong kinakanlong na bata ay gustong magpabakuna, maaari nilang kontakin ang kanilang legal na tagapayo (legal counsel).

#### Anong mga dokumento ang kailangan kong dalhin para mabakunahan ang aking anak?

Maaaring kailanganin ng Larawan Pagkakakilanlan (Photo ID) sa ilang mga lokasyon ng pagpapabakuna. Kung ikaw ay katiwala (guardian) ng bata na sumasailalim sa kumakanlong na pangangalaga at ang inyong kinakanlong na bata ay walang larawang Pagkakakilanlan (photo ID), ipakontak sa kanila ang kanilang legal na tagapayo. Ang isa pang opsyon ay pumunta sa lokasyon na pinatatakbo ng Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng Los Angeles County, na hindi nag-aatas/nangangailangan ng larawang pagkakakilanlan (photo ID).

Tingnan ang nasa itaas na impormasyon tungkol sa pahintulot. Suriin ang mga patakaran ng lugar na plano mong puntahan. Maaari silang matagpuan sa kanilang webpage o sa kumpirmasyon ng tipanan (appointment) na email o text. Para sa impormasyon tungkol sa mga inaatas sa mga lugar ng bakuna ng Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng LA County, bisitahin ang [ph.lacounty.gov/vaccineappointment](http://ph.lacounty.gov/vaccineappointment) – magklik sa [‘paghahanda para sa iyong pagbisita’](#) o tawagan ang Sentro ng Tawagan ng Bakuna sa 1-833-540-0473 (8 ng umaga hanggang 8:30 ng gabi araw-araw).

#### Dapat pa ba akong magpabakuna kung nagkaroon na ako ng COVID-19?

Oo. Dapat kang kumuha ng bakuna sa COVID-19 kahit nagkaroon ka na ng COVID-19. Ang pagpapabakuna sa COVID-19 pagkatapos mong gumaling sa impeksyon ng COVID-19 ay nagbibigay ng dagdag na proteksyon laban sa COVID-19.

Ang pagkakaroon ng COVID-19 ay nag-aalok ng ilang proteksyon mula sa panghinaharap na sakit sa COVID-19, minsan ay tinatawag na “likas na imyunidad.” Ang antas ng proteksyon na nakukuha ng tao mula sa COVID-19 ay maaaring mag-iba-iba depende sa kung gaano kabanayad o kalubha ang kanilang naging sakit, ang oras mula sa kanilang impeksyon, at kanilang edad. Kasalukuyang walang makukuhang pagsusuri na maaasahang magtukoy kung ang tao ay protektado mula sa impeksyon.

Ligtas na magpabakuna pagkatapos na magkaroon ng COVID-19, ngunit dapat kang maghintay pagkatapos mong gumaling sa sakit (kung nagkaroon ka ng mga sintomas) at ang panahon ng iyong pagbubukod ay tapos na. Ito ay



## Mga Bakuna sa COVID-19 – Mga Kadalasang Katanungan

### PAGPAPABAKUNA

para wala kang mahawang mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan (healthcare workers) at ibang tao kapag ikaw ay pumunta para mabakunahan.

Kung ikaw ay nakatakda na para sa dosis ng bakuna at kamakailan ay nahawahan, maaari mong piliing ipagpaliban ang dosis (pangunahing serye o pampalakas na bakuna) nang 3 buwan pagkatapos ng impeksyon. Ito ay dahil sa ang kamakailang pag-aaral ay nagpakita na ang pagpapatagal ng oras sa pagitan ng iyong impeksyon at pagpapabakuna ay maaaring pabutihin ang pagtugon ng iyong imyunidad. Isa pa dahil sa mayroong mas mababang panganib ng muling pagkakaroon ng impeksyon (re-infection) sa mga linggo hanggang sa mga buwan pagkatapos ng iyong impeksyon.

Kung ikaw ay may sakit na multisystem inflammatory syndrome ng mga bata o matanda (MIS-C or MIS-A), makipag-usap sa iyong doktor bago magpapabakuna.

#### Maaari ba akong magpapabakuna sa COVID-19 kasabay ng ibang bakuna?

Oo. Ang mga matatanda at bata edad 5 pataas ay maaaring magpapabakuna sa COVID-19 kasabay ng iba pang mga bakuna tulad ng sa tigdás, tuyong ubo (whooping cough), at trangkaso. Kung ang iyong anak ay nagpapabakuna sa COVID-19 sa lugar na hindi nag-aalok ng iba pang mga bakuna na kailangan nila, maaari kang pumunta sa ibang lokasyon para makuha ang mga ito anumang oras. Hindi na kailangan na maghintay sa pagitan ng mga bakuna.

#### Maaari ba akong sumailalim sa nakagawiang medikal na pamamaraan o pananalang pagsusuri kung kakabakuna ko lang sa COVID-19?

Karamihan ng mga nakagawiang medikal na pamamaraan o pagsasala ay maaaring gawin bago o pagkatapos ng pagpapabakuna sa COVID-19.

Tandaan: kung ikaw ay nakatakda na para sa nakagawiang pananalang mammogram at kamakailan ay nabakunahan para sa COVID-19, tanungin ang iyong doktor kung gaano katagal kang maghihintay bago ka kumuha ng iyong mammogram. Ang mga taong tumanggap ng bakuna sa COVID-19 ay maaaring magkaroon ng pamamaga ng lymph nodes (tinatawag na lymphadenopathy) sa kili-kili malapit kung saan sila nagpa-iniksyon. Ang pamamagang ito ay normal na palatandaan na ang katawan ay bumubuo ng proteksyon laban sa COVID-19. Ang pansamantalang pamamaga na ito ay maaaring magsanhi ng maling pagbasa sa mammogram, kaya't mahalagang sabihin sa kawani ang tungkol sa iyong pagpapabakuna. Para sa mas marami pang detalye, tingnan ang [Mga Rekomendasyon para sa mga Kababaihan na Nagpapabakuna sa COVID-19](#) ng Society of Breast Imaging.

Ang bakuna sa COVID-19 ay maaari ring makaapekto sa mga resulta ng ilang uri ng mga pananalang pagsusuri para sa tuberculosis (TB), tingnan ang CDC webpage [Pagpapabakuna sa COVID-19 at Iba pang mga Medikal na Pamamaraan](#).

#### Paano ako makapaghahanda sa aking pagbisita para makapagpapabakuna?

- Tandaan na dalhin ang kinakailangang dokumentasyon at iyong email address o numero ng mobile na telepono kung mayroon man. Kung gumawa ka ng tipanan (appointment), basahin ang impormasyon sa email ng kumpirmasyon. Kung mayroon kang anumang mga katanungan, maaaring makatulong na isulat ang mga ito.
- Dapat kang makatanggap ng papel o elektronikong bersyon ng talaan ng katotohanan (fact sheet) na nagsasabi sa iyo ng higit pa tungkol sa partikular na bakuna sa COVID-19 na iyong kinukuha. Ang bawat aprubado o awtorisadong bakuna sa COVID-19 ay may sariling pahina ng katotohanan na naglalaman ng impormasyon upang tulungan kang maunawaan ang mga panganib at benepisyo ng pagtanggap ng partikular na bakunang iyon. Alamin pa ang mas marami tungkol sa [iba't ibang mga bakuna sa COVID-19](#).
- Planuhin na manatili sa tipanan (appointment) nang hanggang sa isang oras. Kabilang rito ang 15-30 minuto para ikaw ay maobserbahan pagkatapos mong mabakunahan.
- Huwag mong ititigil ang iyong mga nakagawiang medisina bago ka mabakunahan maliban kung inirerekomenda ito ng iyong doktor.



## Mga Bakuna sa COVID-19 – Mga Kadalasang Katanungan

### PAGPAPABAKUNA

- Hindi nirerekomenda na uminom ka ng mga gamot na walang reseta (tulad ng ibuprofen, aspirin, o acetaminophen) bago ang pagpapabakuna para subukang pigilan ang mga epekto (side effects) na nauugnay sa bakuna. Hindi pa napag-aalaman kung paano maaaring apektuhan ng mga gamot na ito ang husay sa paggana ng bakuna. Kung regular kang umiinom ng mga gamot na ito para sa iba pang mga kadahilanan, dapat mong ituloy ang pag-inom nito bago ka magpabakuna. Hindi rin inirerekomenda na uminom ng antihistamines bago magpabakuna sa COVID-19 para pigilan ang mga reaksyong alerdyi.
- Magsuot ng [maskara](#) (mask) at damit na pahihintulutan ang madaling akses sa iyong itaas na braso kung saan ibibigay ang bakuna. Kumain ng kaunting meryenda bago ang iyong tipanan at manatiling sapat ang tubig sa katawan (magdala ng ekstrang tubig, kung sakali).
- Kung kailangan mong kumuha ng isa pang dosis ng bakuna sa COVID-19, siguruhin na alam mo kung paano at kailan ito kukunin bago ka umalis sa lugar ng pagpapabakuna.

### Saan ako kukuha ng mas marami pang impormasyon?



- Para ilimbag (print) o tingnan ang Mga Madalas na Katanungan (FAQ o FAQs) sa iba pang mga paksa ng bakuna sa COVID-19, iiskan ang QR na kodigo (code) o bisitahin ang [Mga Madalas na Katanungan \(FAQs\) sa Bakuna sa COVID-19](#).
- [VaccinateLACounty.com](#) – kabilang ang [Mga Iskedyul ng Bakuna sa COVID-19](#) na may mga larawan (graphics) para ipakita kung kailangan ang bawat dosis ay nakatakda at impormasyon sa [Paano Mababakunahan](#).
- Pagkuha ng [Bakuna sa COVID-19](#) CDC webpage.
- Itanong sa iyong doktor kung mayroon kang mga katanungan.